

KALIGTASAN NG RESERBANG GENERATOR



MAAARING MAGING MAHALAGANG BAHAGI ng iyong plano ng kahandaan sa emergency ang mga reserbang pangkuryenteng generator tuwing nawawala ang kuryente. Maaaring muling mapabukas ng mga ito ang mga ilaw, mapanatiling umaandar ang mga appliance [kagamitan], at mapagana ang mahalagang kagamitan at mga elektronikong aparato. Gayunman, maaari ding maging lubhang mapanganib ang mga generator. Maaaring mailagay ka, ang iyong pamilya at iyong ari-arian, sa panganib kung mali ang paggamit ng generator mo.

Hindi nakakabit sa grid [takbuhan] ng kuryente ang mga reserbang generator.

Maaaring makasira sa iyong mga appliance ang pagkabit ng isang generator sa isa pang pinagkukunan ng kuryente, at lubhang makapinsala o higit pa, makapatay sa iyo. Sa ilalim ng batas, tungkulin mong tiyakin na hindi dumadaloy ang kuryente mula sa iyong generator pabalik sa mga linya ng kuryente.

PAGPILI NG TAMANG GENERATOR

Hindi para sa lahat ang reserbang generator. Mahalagang timbangin ang mga salik tulad ng ingay at gastos sa pagmamay-ari ng isang generator kasama sa iyong mga pangangailangan sa kuryente at mga panganib sa kaligtasan. **Kung magpasya kang bumili ng isang generator, kailangan mong isaalang-alang ang:**

- Mga Pangangailangan sa Enerhiya – Kalkulahin ang “constant wattage” (karaniwang antas ng kuryente) na kinakailangan para paganahin ang mga appliance na gusto mong paandarin. Kung plano mong magpaandar ng mga malalaking appliance na may mga makina, kakailanganin mo ng isang generator na may surge rating (kakayahan sa pagbugso ng kuryente) na umaabot o lumalampas sa mas mataas na “start-up wattage” (antas sa panimulang pagpaandar).
- Pinagkukunan ng fuel [pampasiklab] – Depende sa mga kagustuhang pangkalikasan, pagkaabot-kaya, at iba pa, kabilang sa mga pagpipilian ang: baterya, natural gas, gasolina, propane, diesel fuel, at solar na may reserbang imbakan.
- Pumili ng generator na may rating [kakayahan] para sa mas malakas na kuryente kaysa sa maaaring kailanganin mo. Ang ilang mga appliance, lalo na ang mga de-makina (hal. mga refrigerator), ay maaaring gumamit ng mas malakas na kuryente tuwing panimulang pinapaandar ang mga ito. Alamin ang bigat ng enerhiya ng mga ito, ang kanilang pangangailangang kuryente para sa start-up (panimula) o ‘in-rush’ (pagbugso), at ang kakayahan ng generator na sapatin ang mga pangangailangang ito. Malalaman ito nang pinakamahusay ng isang electrician.

LIGTAS NA PAGGAMIT NG IYONG GENERATOR

- Huwag subukang i-back-feed (pagpadaloy pabalik) ang iyong bahay sa pamamagitan ng pagsaksak ng generator sa saksakan sa dingding o pansamantalang pagkabit ng mga kawad sa panel ng kuryente [pinagmumulaan ng lahat na kawad sa bahay]. Maaaring maging lubhang mapanganib ito para sa iyo, iyong mga kapitbahay at mga manggagawa ng kuryente na maaaring nagtatrabaho sa mga linya ng kuryente. Ang electrocution (pagkakuryente) ay ang panglimang nangungunang sanhi ng lahat ng mga naiulat na pagkamatay sa trabaho.
- Basahin ang lahat ng mga tagubilin ng manufacturer [gumawa]. Tiyaking masusunod mo ang lahat ng mga ito bago gamitin ang iyong generator.
- Sumunod sa mga tagubilin para matiyak na naka-ground (nakakabit sa lupa) nang wasto ang iyong generator. Tiyaking naka-install [nailagay] ito sa isang lugar na hindi nanganganib na mabaha.
- Tiyaking hindi lumalampas sa rating ng manufacturer ang antas ng ginagamit na kuryente.

MAGHANDA PARA SA PAGKAWALA NG KURYENTE.

Panatiliing may nakaimbak sa bahay mo ng:



Hindi madaling mabulok na pagkain



Isang gallon ng tubig para sa bawat tao sa bawat araw



Mga flashlight at baterya



KALIGTASAN NG RESERBANG GENERATOR

LIGTAS NA PAGGAMIT NG IYONG GENERATOR

- Huwag gumamit ng generator sa loob ng iyong bahay, garahe, o iba pang nakasarang gusali. Kinakailangang mayroong magandang bentilasyon dahil sa nailalabas na carbon monoxide ng mga generator.
- Ilimbak nang ligtas ang gasolina sa isang maayos na lagayan at malayo sa maaaring maabot ng mga bata o pinagmumulan ng init.
- Matitiyak ng pagpapatakbo ng generator nang tuwi-tuwina at paglalagay sa gasolina ng pinatibay na fuel stabilizer (pampatatag ng gasolina) na hindi nasisira ang kalidad ng gasolina habang nakaimbak at aandar nang maayos ang generator sa oras na lubos mo itong kailangan.
- Itigil ang generator nang kahit man limang minuto bago lagyan ng gasolina para maiwasan ang sunog. Maaaring lumiyab ang gasolina at ang mga singaw nito kung madidikit sa kislap ng kuryente.
- Panatilihin malayo sa daanan ang mga kawad para maiwasan ang mga panganib ng pagkakatalisod. Tiyakin din na walang mga putol o sira ang kawad at naka-ground ito (plug na may tatlong pantusok).
- Huwag padaanin ang mga kawad sa ilalim ng mga karpit o alpombra. Maaaring maipon ang init, o maaaring masira ang mga ito nang hindi mo napapansin.
- Pumili ng mga kawad pangkuryente na may angkop na kakayahan ng kuryente para sa iyong generator.
- Makipag-ugnayan sa iyong kompanya ng enerhiya para ipaalam sa kanila na nakapag-install ka ng isang reserbang sistema. Kung magpapasya kang ikabit nang permanente ang isang nakapirming generator nang direkta sa iyong bahay, iniaatas ng batas ng estado ng California na abisuhan mo ang iyong kompanya ng enerhiya.
- Kumuha ng lisensiyadong electrician para tulungan ka sa mga reserbang solusyon. Matitiyak ng pakikipagtulungan sa isang lisensiyadong electrician ang kaligtasan mo, ng iyong pamilya, at ng mga manggagawa ng utilidad.

KALIGTASAN NG PORTABLE NA GENERATOR



Huwag magpatakbo ng generator sa loob ng iyong bahay o garahe, kahit pa may bentilasyon. Maaaring maipon ang pagsingaw ng usok at humantong sa pagkalason sa carbon monoxide, na maaaring magsanhi ng kamatayan.

MATUTO NANG HIGIT PA MULA SA IYONG LOKAL NA KOMPANYA NG KURYENTE



sdge.com/wildfire-safety



sce.com/PSPS



pge.com/wildfiresafety

Karagdagang Mga Mapagkukunan Para sa Kahandaan

- ready.gov – Impormasyon sa pagiging handa sa sakuna mula sa U.S. Department of Homeland Security
- readyforwildfire.org – Website ng CAL FIRE sa pagiging handa para sa wildfire
- cpuc.ca.gov/wildfiresinfo – Impormasyon sa mga gawain ng CPUC para maging ligtas mula sa wildfire
- caloes.ca.gov – Website ng Office of Emergency Services ng Gobernador ng California
- firesafecouncil.org – Website ng California Fire Safe Council
- noaa.gov – Website ng National Oceanic and Atmospheric Administration